KARAPATAN NG NAPINSALANG EMPLEYADO
PARA MULING BUKSAN ANG CLAIM NA NAKASARA

Tinutukoy ng Mga Nirebisang Batas sa Nevada 616C.390 ang iyong karapatang buksan muli ang claim ng kompensasyon ng iyong manggagawa pagkatapos matukoy na binayaran ang lahat ng benepisyo at sarado na ang iyong claim.

Dapat nakasulat ang aplikasyon para muling buksan ang claim, at sinamahan ng sertipikasyon mula sa doktor o chiropractor na nagpapakita ng pagbabago sa kondisyong medikal.

Kung hindi ka nawalan ng oras mula sa trabaho dahil sa natamo mong pinsala sa industriya o sakit sa trabaho at hindi ka nakatanggap ng kaloob sa permanenteng bahagyang kapansanan, hindi ka maaaring humiling ng muling pagbubukas ng iyong claim nang mahigit sa isang (1) taon pagkatapos ng petsa kung kailan isinara ang iyong claim.

Maliban kung iba ang nakasaad sa NRS 616C.390 (4), kung tinanggihan ang kahilingan para sa muling pagbubukas, hindi dapat humiling ang napinsalang empleyado ng muling pagbubukas ng claim hanggang sa hindi bababa sa isang (1) taon pagkatapos ng petsa kung saan ipinalabas ang huling pagpapasya ng tagaseguro.

Hindi epektibo ang muling pagbubukas ng claim, at sa gayo'y walang benepisyo o kompensasyon ang available, bago ang petsa kung saan ginawa ang aplikasyon para sa muling pagbubukas maliban kung ipinapakita ang mabuting dahilan (NRS 616C.390(8)). Kung nagsara ang iyong claim sa ilalim ng NRS 616C.235 (2), hindi mo maaaring muling buksan ang iyong claim (NRS 616C.390(6)).

PAG-OFFSET SA PPD

Ipinagbabawal ng Mga Nirebisang Batas sa Nevada (NRS) 616C.405 ang Napinsalang Empleyadong makatanggap ng benepisyo para sa permanenteng bahagyang kapansanan (PPD) sa parehong panahong nakatanggap ka ng pansamantalang kabuuang kapansanan (TTD), pansamantalang bahagyang kapansanan (TPD), o permanenting ganap na kapansanan (PTD).

Dagdag pa, kung nakatanggap ka ng PPD sa claim at binayaran ka ng kaloob na lump sum, ang TTD, TPD, o PTD sa hinaharap na matatanggap mo para sa parehong claim ay dapat mabawasan ng bahagi ng PPD lump; o, kung tumatanggap ka ng mga hulugang pagbabayad para sa PPD, sususpindehin ang mga pagbabayad na iyon habang binabayaran ang TTD, TPD, o PTD.

Katulad ng araw-araw/buwanang rate ng kaloob sa PPD ang rate kung saan binabawasan ang pag-offset sa PPD. Maliban sa minimum na kaloob na lump sum, kada araw/buwan na nakakatanggap ka ng TTD, TPD, o PTD sa claim, binabawasan ang arawan/buwanang PPD rate batay sa panahong ginamit para makalkula ang lump sum ng kaloob sa PPD. (Tingnan ang NRS 616C.440 para sa tiyak na impormasyon tungkol sa mga pag-offset sa PTD)

Kinalkula ang iyong lump sum sa PPD bago ang iyong ika-70* kaarawan. Sa madaling salita, kumakatawan ang lump sum sa permanenteng bahagyang mga pagbabayad sa kapansanan na dapat ipagkaloob sa iyo mula sa epektibong petsa ng iyong paunang pagbabayad sa PPD hanggang sa maging 70* taong gulang ka (maliban kung hindi ka kwalipikado sa minimum na lump sum). Bagama't nakatanggap ka lang ng lump sum na pagbabayad, kumakatawan ang pagbabayad na ito sa kasalukuyang halaga ng lahat ng pagbabayad s aiyo para sa PPD sa hinaharap.

* Kinalkula ang mga kaloob sa PPD gamit ang maximum na edad na itinalaga ng batas na, depende sa petsa ng pinsala o sakit sa trabaho, maaaring mas mababa sa 70 taon.

TANDAAN: Gagamitin ang form na ito ng Ahente ng Claim kapag nagpapadala ng kaloob sa permanenteng bahagyang kapansanan o kung naaangkop.